IslamHouse.com

Osoul Center
www.osoulcenter.com

PHILIPPINE
PILIPINO
فلبيني

# ANG PAGBABALIK NI HESUKRISTO SA LUPA


Tinipon ni
**Omar Al-Hafidh**

Isinalin sa Filipino (Tagalog) ni
**Ahmad Jibreel Salas**

Sinuri ni
**Mohammad Taha Ali**

PHILIPPINE
PILIPINO
فلبيني

# عودة عيسى إلى الأرض


إعداد

**عمر الحافظ**

ترجمة

**أحمد جبريل سالاس**

مراجعة

**محمد طه علي**

مركز أصول
Osoul Center
www.osoulcenter.com



This book is the property of the Osoul Center. Permission is granted for it to be stored, transmitted, and published in any print, electronic, or other format - as long as the Osoul Center is clearly mentioned on all editions, no changes are made without the express permission of the Osoul Center, and a high level of quality is maintained.



+966 504 442 532
+966 11 445 4900
+966 11 497 0126
P.O.BOX 29465 Riyadh 11457
osoul@rabwah.com
www.osoulcenter.com


بسم الله الرحمن الرحيم

Sa Ngalan ng Allah
Ang Mahabagin,
Ang Maawain

# ANG MGA NILALAMAN


| | |
|---|---|
| ANG PAMBUNGAD NA PANALANGIN | 9 |
| I. ANG PANIMULA | 11 |
| II. ANG MGA PALATANDAAN NG PAGBABALIK NI HESUKRISTO SA LUPA | 13 |
| III. ANG MGA MAHAHALAGANG DAHILAN NG PAGBABALIK NI HESUS SA LUPA | 15 |
| IV. ANG HULING PANANALITA | 37 |

# ANG PAMBUNGAD NA PANALANGIN

Ang lahat ng papuri ay para sa Nag-iisang Dakilang Diyos-Allah, ang Panginoon ng lahat ng nilikha. At nawa'y ang kapayapaan at pagpapala ng Allah ay ipagkaloob sa Kanyang Huling Propeta na si Muhammad (ﷺ), sa kanyang angkan at sa kanyang mga kasamahan at maging sa lahat ng sumusunod sa Tamang Landas hanggang sa Huling Araw.

# I. ANG PANIMULA

Maraming paksa na ang nailathala at naisulat tungkol sa buhay ni Hesus, ang anak ni Maria mula sa kanyang mahimalang pagsilang hanggang sa kanyang paglisan sa daigdig. Ang kanyang simpleng buhay ay nahalinhan ng masasalimuot na pangyayari na hanggang sa kasalukuyang panahon ay nananatiling mahiwaga sa kaisipan ng maraming tao. Ang relihiyong Kristiyanismo at Islam ay mga pangunahing relihiyon sa kasalukuyan at kapwa mayroong naiibang pananaw tungkol kay Hesus, hindi lamang tungkol sa kanyang katauhan kundi maging sa paksang nakaugnay sa kanyang pagbabalik dito sa lupa. Ang kalakhang Kristiyanismo ay naniniwala na ang pagbabalik ni Hesukristo ay magaganap upang maghukom sa sangkatauhan, bagama't ang paniniwalang ito ay walang sapat na batayan na maaaring matunghayan sa Bibliya. Sa kabilang dako, sa relihiyong Islam, ang paniniwala ng isang Muslim tungkol sa pagbabalik ni Hesus ay hindi isang kathang-isip, kuwento o alamat na minana mula sa nagdaang panahon kundi ito ay katotohanang hinango mula sa Banal na Qur'an, ang Huling Kasulatang ipinahayag ng Dakilang Diyos-Allah at mula sa mga mapananaligang Hadith (aral, salaysay o salita) ng Huling Sugo, na si Muhammad (ﷺ).

# II. ANG MGA PALATANDAAN NG PAGBABALIK NI HESUKRISTO SA LUPA

Ang pagbabalik ni Hesukristo ay maliwanag na nakatala sa Banal na Qur'an at maging sa mapananaligang Hadith (salaysay) ng huling Propeta, na si Muhammad (ﷺ). Ang Dakilang Diyos-Allah ay nagbigay katiyakan na si Hesus ay darating. Ito ay matutunghayan sa Banal na Qur'an:

**{At siya [`Isa (Hesus)] ay magiging kilalang tanda para (sa pagdating ng takdang) Oras. Samakatuwid, huwag kayong mag-alinlangan hinggil dito. At sumunod kayo sa Akin! Ito ang matuwid na landas}. [Qur'an 43:61]**

At batay naman sa Hadith ng Sugo ng Allah (ﷺ) na isinalaysay ni An-Nawwas bin Saman tungkol sa pagbabalik ni Hesukristo:

**"Siya ay bababa na malapit sa puting minaret ng dakong Silangan ng Damascus. Siya ay nakasuot ng dalawang damit na mapusyaw ang kulay, na ang dalawang kamay ay nasa mga pakpak ng dalawang anghel…" [Itinala ni Muslim, 4:2250]**

At isinalaysay din ni Abu Hurairah na ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

**"Siya [si `Isa (Hesus)] ay bababa, at kung siya ay inyong makikita, siya ay inyong makikilala. Siya ay mayroong matipunong pangangatawan, (ang kulay ng kanyang balat) ay nasa pagitan ng pula at puti. Siya ay bababa na ang kasuotan niya ay dalawang mahahabang dilaw na damit. Ang kanyang ulo ay tila may pumapatak na tubig, bagaman ito ay hindi basa (ng tubig)." [Itinala ni Abu Dawud, 4:498]**

Ayon din sa Hadith ng Propeta (ﷺ) na itinala ni Imam Ahmad, isinalaysay ni Abu Hurairah na sinabi ng Sugo ng Allah (ﷺ):

**"Sa pamamagitan Niya na Siyang may tangan ng aking kaluluwa, ang anak ni Maryam (Maria), [na si `Isa (Hesus)] ay bababa sa lupa at siya ay makakasama ninyo bilang isang makatarungang pinuno…."**



# III. ANG MGA MAHAHALAGANG DAHILAN NG PAGBABALIK NI HESUS SA LUPA

Ano nga ba ang sinasabi ng Islam tungkol sa muling pagbabalik ni Hesukristo sa lupa? Ano nga ba ang mga mahahalagang dahilan upang muling bababa si Hesus? Ang katanungang ito ay may kaukulang kasagutan na maaaring kuhanin batay sa kapahayagang sinabi ng Dakilang Diyos-Allah mula sa Banal na Qur'an at sa mga Hadith ng Sugo ng Allah (ﷺ).

## A. Hesus, Bilang Tanda ng Huling Araw.

Ang Banal na Qur'an ay nagpahayag na si Hesus ay isa sa mahahalagang palatandaan ng pagsapit ng Takdang Oras. Kaya naman bawa't tao ay pinag-uutusang magbalik-loob at tuwirang tumalima sa pagsamba sa Nag-iisang Dakilang Diyos-Allah.

Ang Qur'an ay nagpahayag:

**{At siya [si `Isa (Hesus)] ay magiging kilalang tanda para (sa pagdating ng Takdang) Oras. Samakatuwid, huwag kayong mag-alinlangan hinggil dito. At sumunod kayo sa Akin! Ito ang matuwid na landas}. [Qur'an 43:61]**

## B. Hesus, Kikilalanin ng mga Hudyo

Sa buong kasaysayan, hindi maitatwa na hanggang sa kasalukuyang panahon, ay hindi tinatanggap at kinikilala ng mga Hudyo si Hesus bilang dakilang Propeta at Sugo. Nguni't, sa kanyang pagbabalik, siya ay hayagang kikilalanin ng mga Hudyo. Ito ay nakatala sa Banal na Qur'an.

Ang Dakilang Diyos-Allah ay nagsabi:

**{At walang isa man sa Angkan ng Kasulatan (Hudyo at Kristiyano) kundi nararapat na maniwala sa kanya [`Isa (Hesus)] bago (sumapit) ang kanyang kamatayan. At sa Araw ng Pagkabuhay Muli, siya ay magiging saksi laban sa kanila}. [Qur'an 4:159]**

Mula naman sa mga mapananaligang Hadith ng Sugo, na si Muhammad (ﷺ), ito ang kanyang sinabi:

**"Siya [si `Isa (Hesus)] ay bababa, at kung siya ay inyong makikita, siya ay inyong makikilala. Siya ay mayroong matipunong pangangatawan, (ang kulay na kanyang balat) ay nasa pagitan ng pula at puti. Siya ay bababa habang siya ay nakasuot ng dalawang mahabang dilaw na damit. Ang kanyang ulo ay tila mayroong patak ng tubig, kahit na ito ay hindi basa. Kanyang <u>babakliin ang mga krus, papatayin ang mga baboy, at aalisin niya ang JIZYA (buwis) at siya ay mananawagan para sa Islam.</u> Sa kanyang panahon, pupuksain ng Allah (Diyos) ang lahat ng relihiyon maliban sa Islam at wawasakin ng Allah ang Bulaang Kristo (Al-Masih Ad-Dajjal). Ang katiwasayan ay mangingibabaw sa kalupaan, na halos ang mga leon ay makikisalamuha sa mga kamelyo, tigre, asno, lobo at tupa. Ang mga bata ay makikipaglaro sa mga ahas, at sila ay hindi matutuklaw (o pipinsalain). Si `Isa (Hesus) ay mananatili ng apatnapung taon (40) at pagkaraan ay mamamatay, at ang mga Muslim ay makikipaglibing para sa kanya." [Itinala nina Abu Dawud, Bilang: 4324 – Ahmad, 2:406 at At-Tabari, 9:388]**



Mula sa nabanggit na talata ng Qur'an at Hadith ng Propeta (ﷺ), bigyan natin ng buod ang mga tungkulin na gagampanan ni Hesus sa kanyang pagbabalik at isa-isa nating ipaliliwanag ang mga ito.

Ang Qur'an ay nagpahayag na ang isa sa mga palatandaan ng pagsapit ng Araw ng Paghuhukom ay ang pagbabalik ni Hesus sa lupa. Gayundin naman, ipinaliwanag ayon sa binanggit na Hadith ng Sugo ng Allah (ﷺ) ang ilan sa tungkuling tutuparin ni Hesus sa kanyang pagbabalik. Ito ay ang mga sumusunod:

## C. Hesus: Kanyang Babakliin Ang Mga Krus.

Ang sagisag ng Kristiyanismo ay ang Krus. Ang kanilang pananampalataya ay nakaugnay, at nakasalig sa krus, sapagka't pinaniniwalaan nila na ang pagpako sa krus ni Hesus ay siyang paraan ng pagtubos sa kasalanan ng sangkatauhan. Nguni't, ang pagbakli ni Hesus sa mga krus ay

isang pagpapahiwatig lamang na siya ay walang kaugnayan sa krus, siya ay hindi naipako at namatay sa krus, samakatuwid walang katotohanan ang kanyang pagtubos ng kasalanan.

Pinatunayan ito ng Banal na Qur'an:

**{At sa pagkasabi nila: Pinatay namin ang Messiah si `Isa (Hesus) ang anak ni Maryam (Maria), na Sugo ng Allah (Diyos)." Datapuwa't, (katotohanan) siya ay hindi nila napatay, ni naipako sa krus, bagkus lumitaw nga ito sa kanila sa gayong (tagpo). At yaong mayroong pagkakaiba-iba hinggil dito ay tigib ng pag-aalinlangan. Sila ay walang (tiyak na) kaalaman tungkol dito, kundi sumusunod sa haka-haka lamang. Sapagka't katotohanan nga, siya ay hindi nila napatay.[1] Bagkus itinaas siya ng Allah patungo sa Kanya. At ang Allah ay Lagi nang Ganap na Makapangyarihan, Tigib ng Karunungan}. [Qur'an 4:157-158]**

1 Naitala ni Ibn Hatim na si Ibn Abbas ay nagsabi: Bago itinaas ng Allah (Diyos) si Hesus sa langit, pumunta si Hesus sa kanyang labindalawang kasama na nasa loob ng bahay. Nang siya'y dumating, habang may tumutulong tubig mula sa kanyang buhok, siya'y nagsabi: 'Mayroon sa inyo na magtatatwa sa akin nang labindalawang beses matapos siyang maniwala sa akin'. Pagkaraa'y nagtanong, 'Sino sa inyo ang nais maging kamukha ko, at mapatay na kapalit ko, at siya'y makakasama ko sa Paraiso?' Isa sa mga nakababata sa kanila ang tumayo at nagprisinta. Sinabi ni Hesus sa kanyang maupo. Nagtanong ulit si Hesus ng magpiprisinta. Lagi nang tumatayo ang batang lalake at nagpiprisinta. Sa pangatlong pagkakataon, nagprisinta ulit ang lalake at sinabi sa kanya ni Hesus, 'Ikaw ang magiging taong yaon'. At pinapangyari ng Allah na siya'y magmukhang katulad ni Hesus. Bumuka ang malaking butas sa bubong ng bahay at si Hesus ay itinaas ng Allah sa langit. Nang dumating ang mga Hudyo, nakita nila ang lalaking kamukha ni Hesus at siya'y ipinako sa krus». (Itinala ni Ibn Abu Hatim 4:1110)





Ang kaligtasan ng isang tao ay isang pansariling pagpupunyagi sa pamamagitan ng mga gawang kabutihan at pagkakaroon ng tamang pagsamba at pananalig sa Dakilang Diyos-Allah. Hindi makatuwiran at sadyang lihis sa diwa ng katarungan na si Hesus ay nararapat na magpasan sa kasalanan ng sangkatauhan.

**{Hindi nagbibigay ng anumang pasanin ang Allah (Diyos) sa isang may buhay (tao) maliban sa abot kaya niya. Makakamit niya ang (gantimpala ng) anumang kanyang pinagsumikapan (na kabutihan), at makakamit (din) niya ang (kaparusahan ng) kanyang ginawa (na kasalanan)...}. [Qur'an 2:286]**

Mahabang panahon na ang ginugol at ibinuhos ng mga Iskolar sa Teolohiya ng Kristiyanismo upang tangkaing patunayan ang katotohanan tungkol sa pagpako sa krus ni Hesus, subali't walang sapat na salaysay sa alinmang Ebanghelyo ng Bagong Tipan ang maaaring magbigay nang ganap na katibayan tungkol dito.

Sa kasalukuyang panahon, ang Banal na Qur'an lamang ang tanging tumatayong saksi upang bigyang wakas ang mga haka-hakang iniuugnay sa tunay na pangyayaring naganap kay Hesus.

**{At tunay nga, na ito (ang Qur'an) ay sadyang makatotohanan na (may ganap na) katiyakan}. [Qur'an 69:51]**

## D. Hesus, Papatayin ang mga Baboy.

Ang ilan pa sa mga gagawin ni Hesukristo ay ang pagpatay niya sa mga baboy. Bakit nga kaya nararapat niyang patayin ang mga baboy, samantalang ito ay hayagang kinakain ng mga makabagong kristiyano? Ano nga kaya ang sapat na dahilan?

Ang pagpatay ni Hesus sa mga baboy ay palatandaan na ito ay isang marumi at karumal-dumal na hayop na hindi dapat kainin ng mga (tao) kristiyano. Sa tatlong relihiyon, (Hudaismo, Kristiyanismo at Islam) tanging ang mga Kristiyano lamang ang kumakain ng baboy, samantalang ang Bibliya ay tuwirang nagbabawal na kainin ang karne ng baboy.

**Levitico 11:7-8 "Ang baboy, biyak nga ang kuko, nguni't hindi naman ngumunguya ng pagkain mula sa sikmura, kaya hindi ito dapat kainin. Huwag kayong kakain ng karne ni hihipo man ng mga patay na hayop na iyan; marurumi iyan para sa inyo."**

Gayon din naman, sa Banal na Qur'an, mahigpit na ipinagbabawal ito.

Ang Dakilang Diyos-Allah ay nagsabi:

**{Ipinagbabawal sa inyo (na kainin) ang patay (na hayop, na hindi kinatay), dugo, laman ng baboy at ang anumang kinatay na hindi sinambit ang (Ngalan ng) Allah (Diyos) bilang pag-aalay sa iba bukod sa Kanya…}. [Qur'an 5:03]**

ANG PAGBABALIK NI HESUKRISTO SA LUPA


Ang kalinisan ay bahagi ng tunay na relihiyon. Sa Islam, ang kalinisan ay hindi lamang nakatuon sa kaluluwa at pangangatawan ng tao kundi maging ang pagkain ng mga malilinis na bagay ay isang tungkulin na dapat bigyan ng kaukulang pansin ng isang taong naniniwala sa Diyos. Ito ay isang hakbangin tungo sa pagsasanay ng kalinisan upang makamtan "ang ganap na kalinisan na sadyang likas sa tao."

Maging sa larangan ng agham na pangkalusugan, maraming dalubhasang doktor ang nagbigay ng matibay na ebidensiya na ang baboy ay hindi angkop para sa tao, sapagka't ito ay mayroong dala-dalang iba't ibang uri ng "Virus" na nagiging dahilan upang ang isang tao ay magkaroon ng iba't ibang uri ng sakit tulad ng kanser, bronchitis, trichinosis, kolera, tuberkulosis, clonorchiasis (sakit sa atay), diarrhea, pneumonia at iba pa. Ayon na rin sa mga dalubhasang doktor, mayroong mga "Virus" mula sa baboy na hindi namamatay kahit sa kumukulong tubig.

Kaya, kung ang mga Banal na Kasulatan nina Propeta Moises, Hesus at Muhammad (ﷺ) ay nagkaisang ipagbawal ang pagkain nito kaalinsabay ng pagpapatunay ng agham na ang baboy ay nagdudulot ng sakit para sa tao, ito ay tanda lamang na ang pagkain nito ay dapat talikdan at huwag kainin.

Karagdagan mula sa Bibliya:

**Deuteronomio 14:8 "….Ang baboy…..Huwag kayong**

**kakain ng karne ni hihipo man ng mga patay na hayop na iyan; marurumi iyan para sa inyo."**

Mula sa Banal na Qur'an, ang Dakilang Diyos-Allah ay nag-utos sa Kanyang mga Sugo at Propeta:

**{O kayong mga Sugo! Magsikain kayo ng Tayyibat (mga mabubuti at pinahihintulutang pagkain) at gumawa ng kabutihan. Katotohanang lubusan Kong nababatid kung ano ang inyong ginagawa}. [Qur'an 23:51]**

Marahil, ito ay sapat na upang isaalang-alang bilang isang pangunahing dahilan kung bakit sa pagbabalik ni Hesukristo, ang isa sa kanyang tungkulin ay ang pagpatay sa mga baboy.

## E. Hesus, Ang Pagpapalaganap Niya Ng Relihiyong Islam

Talakayin natin ang ilan pang mahahalagang paksa tungkol sa muling pagbaba ni Hesus sa lupa. Napakalawak ng paksang ito, nguni't piliin lamang natin ang mga mahahalagang bagay na nauukol dito. Bakit mananawagan si Hesus para sa relihiyong Islam? Bakit ipalalaganap ni Hesus ang relihiyong Islam?

Ang pagpapalaganap ni Hesus ng Islam ay isang patunay na ang kanyang relihiyong sinusunod at kinikilala ay ang Islam at ito ang relihiyong ipinag-utos sa kanya ng Dakila at Makapangyarihang Diyos.




## Sino ang Tagapagtatag ng Relihiyon?

Hanggang sa kasalukuyang panahon, marami ang nag-aakala na ang relihiyong itinatag ni Hesus ay kristiyanismo, at ang itinatag naman na relihiyon ni Moises ay Hudaismo. Subalit, kahit sa Lumang Tipan at Bagong Tipan ng Bibliya ay walang matatagpuang matatag na pahayag tungkol sa relihiyon ni Hesus at Moises[1]. At marami rin ang nag-aakala na si Muhammad (ﷺ), ang tagapagtatag ng relihiyong Islam. Ang katotohanan nito, kahit kailanman ay walang propeta o tao ang maaaring magtatag ng tunay na relihiyon. Ang tunay na relihiyon ay itinatag ng tanging isang Diyos at ito ay ipinananawagan o ipinalalaganap lamang sa pamamagitan ng mga Propeta at itinuturo sa kani-kanilang pamayanan. Ang dalang relihiyon ni Moises ay Islam, ang dalang relihiyon ni Hesus ay Islam, at ang kaganapan ng Islam ay binigyan ng katuparan sa panahon ni Propeta Muhammad (ﷺ) sa pamamagitan ng Banal na Qur'an. Ang Dakilang Diyos-Allah ay nagbigay patunay

1 Bagama't walang binanggit si Hesus at Moises na ang kanilang relihiyon ay Islam sapat na sabihin natin na ang aral at prinsipiyo ng kanilang kapahayagan ay katulad ng relihiyong Islam. Una, ang unang kautusan na kanilang ipinalalaganap ay ang Pagsamba lamang sa Diyos-Allah. Ikalawa, ang kanilang pagdarasal ay katulad ng pagdarasal ng relihiyong Islam. Sila ay naglilinis bago magdasal at kung sila ay nagdarasal, sila ay kapwa nagsisipagpatirapa. Ikatlo, sila ay nag-aayuno. Ikaapat, ang sinagogue (pook sambahan ni Moises), ang tabernakulo ni Hesus, at ang Masjid ni Muhammad (ﷺ) ay magkakatulad, walang imahen, walang rebulto, at walang kantahan. Sapat na sabihin ito ay payak na sambahan na ang tanging binibigyan ng pansin ay ang taimtim na pagdarasal.

na Siya ang nagtatag ng tanging relihiyon ng sangkatauhan, ang Islam. Ito ang relihiyong dala-dala ng lahat ng Propeta.

Ang Banal na Qur'an ay nagpahayag:

**{Siya [ang Allah (Diyos)] ang nagtakda sa inyo ng Batas mula sa Relihiyon na siyang itinagubilin Niya kay Nuh (Noah), gayundin ang ipinahayag Namin sa iyo [O Muhammad (ﷺ)] at gayundin ang itinagubilin Namin Kay Ibrahim (Abraham), Musa (Moises) at `Isa (Hesus); na inyong itaguyod ang Relihiyon, at huwag kayong maghiwa-hiwalay dito. Sadyang naging malaking pabigat sa mga Mushrikun[1] ang anumang ipinangangaral mo sa kanila, Ang Allah ang pumipili sa sinumang Kanyang naisin (na karapat-dapat) para rito at namamatnubay tungo rito sa sinumang nagbabalik-loob (sa Kanya)}. [Qur'an 42:13]**

At sinabi rin Niya:

**{Katotohanan, ang (tanging) relihiyon sa (paningin ng) Allah ay ang Islam (pagsuko at pagsamba sa Kanya lamang)}. [Qur'an 3:19]**

Bakit nga ba ang relihiyon ay hindi maaaring itatag ng sinumang propeta o tao? Walang tao ang maaaring makapagtatag ng relihiyon, sapagka't ang tunay na relihiyon ay itinatag lamang ng Makapangyarihang Diyos. Ang Dakilang Diyos-Allah lamang ang tanging lumikha ng sangkatauhan at ganap

1 **Al-Mushrikun**. Sila ang mga pagano o taong sumasamba sa mga diyus-diyusan tulad halimbawa ng mga rebulto, santo at santa, propeta, mga anghel, mga larawan o mga bagay na nasa kalawakan tulad ng araw, bituin, at planeta.





Niyang nababatid ang pangangailangan ng sinumang nilikha. Nababatid Niya kung ano ang pamamaraan ng kanilang buhay hanggang sa pagsapit ng kanilang kamatayan. At ang pamamaraan ng buhay (na ipinakahulugan ng makabagong panahon sa tawag na relihiyon) ay walang makagagawa nito maliban sa Isang Ganap na Matalino at Tagapaglikhang Diyos, sapagka't ang tunay na relihiyon ay binubuo at kinabibilangan ng iba't ibang batas at alituntunin na nararapat isagawa at sundin ng tao. Ang mga batas na ito ay nauukol sa pang-araw araw na pamumuhay ng tao. Mayroong batas o alituntunin sa pagdarasal, kawanggawa, pakikipag-ugnayan sa kapwa tao, sa krimen, kalakalan o pangkabuhayan, pagkain, at sa lahat ng aspeto ng buhay. At ang mga batas nito ay ipinahayag ng Diyos-Allah sa pamamagitan ng mga piniling mabubuting tao na tinatawag nating mga Propeta at Sugo. At sila ang tagapagpalaganap ng mga batas nito sa mga tao.

Ang Banal na Qur'an ay nagpatunay nito:

**{Siya ang nagpadala ng Kanyang Sugo [Muhammad (ﷺ)] na may dalang patnubay at relihiyon ng katotohanan (Islam), upang gawin Niya itong nangingibabaw sa lahat ng mga relihiyon. At ang Allah (Diyos) ay Sapat na bilang Saksi}. [Qur'an 48:28]**

Mula sa mga Propeta, ang ilan sa kanila ay pinili bilang mga Sugo. Sila ay binigyan ng Banal na Kasulatan sa pamamagitan ng kapahayagan tulad halimbawa ng Shalmo

ni Propeta David, ang Kalatas ni Propeta Abraham, ang Torah ni Propeta Moises, ang Ebanghelyo ni Hesus, at ang Huling kapahayagan kay Propeta Muhammad (ﷺ) na tinatawag na Qur'an.

### Ang Mga Propeta ay Magkakapatid (nagmula sa isang angkan) at ang kanilang Relihiyon ay Isa lamang.

Mula sa isang mapananaligang Hadith na naitala ni Abu Dawud, Ahmad at At-Tabari, si Abu Hurairah ay nagsalaysay na ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi:

**"Ang mga Propeta ay magkakapatid; ang kanilang mga ina ay magkakaiba, nguni't ang kanilang relihiyon ay isa. Sa lahat ng sangkatauhan, ako ay mayroong higit na karapatan kay `Isa (Hesus), ang anak ni Maryam (Maria), sapagka't walang Propeta sa pagitan namin…." [Itinalang Hadith mula kina Abu Dawud Bilang 4324, Ahmad 2:406 at At-Tabari 9:388]**

Ang Hadith na ito ay nagpapaliwanag na ang mga Propeta ay magkakapatid, sapagka't ang kanilang relihiyon ay isa lamang. Sa diwa ng Islam, ang pagkakapatiran sa relihiyong Islam ay higit na matimbang kaysa sa pagkakapatiran sa dugo, sapagka't ang ugnayan ng bawa't Muslim ay nakatuon sa pagmamahal sa Nag-iisang Diyos-Allah lamang. Ang pagmamahal sa Diyos ay nakahihigit sa anumang pagmamahal, sapagka't ang pagmamahal sa Diyos ang pinagmumulan ng lahat ng uri ng pagmamahal





maging ito man ay pagmamahal sa magulang, anak, kamag-anakan, kaibigan o sa sinuman sa sangkatauhan at sa anupamang may buhay sa buong santinakpan.

### Ang Mga Taong Nagtatag ng Huwad na Relihiyon.

Ang isa pang mahalaga at malaking dahilan kung bakit si Hesukristo ay mananawagan sa Islam ay upang itakwil niya ang lahat ng huwad na relihiyon na iniuugnay sa kanya.

Ang isa sa pinakamabigat na kasalanan na maaaring gawin ng isang tao ay ang magtatag ng sariling relihiyon at ituring ito bilang kanilang pamamaraan ng buhay. Sa kasalukuyan, maraming tao o pangkat ng tao ang nagtatag (at patuloy na nagtatatag) ng kani-kanilang relihiyon nang ayon lamang sa kanilang kathang-isip, haka-haka at mga kasinungalingan. Inililigaw nila ang maraming tao tungo sa walang hanggang kapariwaraan.

Ang Banal na Qur'an ay nagbigay babala tungkol dito:

**{Silang nagturing sa kanilang relihiyon bilang isang libangan at laro (lamang), at ang buhay sa mundo ay luminlang sa kanila. Kaya sa Araw na ito, sila ay Aming kalilimutan, gaya ng pagkalimot nila sa pakikipagtipan nila sa Araw na ito, at sila ay lagi nang nagtatakwil sa Aming mga Ayah[1]}. [Qur'an 7:51]**

1 **Ayah o Ayat** - ito ay isang salita sa wikang arabik na kadalasan ay tumutukoy sa mga tanda, kapahayagan, aral, batas, himala at babala na ipinahihiwatig ng Diyos sa tao.

At paano nga bang ang tao ay makapagtatag ng sariling relihiyon, samantalang ang lahat ng nasa mga kalangitan at kalupaan ay sumasamba lamang sa kanilang nag-iisang Tagapalikha?

**{Sila ba ay naghahangad pa ng iba kaysa sa (tunay na) relihiyon ng Allah (Diyos), samantalang sa Kanya sumuko ang lahat ng nasa mga kalangitan at kalupaan nang kusang-loob man o napipilitan. At sa Kanya ibabalik silang lahat. Sabihin mo [O, Muhammad (ﷺ)]: "Kami ay naniwala sa Allah at sa anumang ibinaba (o ipinahayag) sa amin, at sa anumang ibinaba kina Ibrahim (Abraham), Ismail (Ismael), Ishaq (Isaac), Yaqub (Hakob) at sa mga Al-Asbat [angkan ni Hakob (Israel)], at anumang ipinagkaloob kay Musa (Moises), `Isa (Hesus), at ang mga Propetang nagmula sa kanilang Rabb[1] (Panginoon). Hindi kami nagbibigay ng pagtatangi sa pagitan ng bawa't isa sa kanila. At sa Kanya kami sumusuko bilang mga Muslim}. [Qur'an 3:83-84]**

1 **Rabb (Panginoon)** - Bagama't madalas gamitin ang salitang Panginoon sa pagkakasalin ng salitang Rabb, ito ay hindi sapat o ganap ang kahulugan, sapagka't ang Rabb sa wikang arabik ay malawak ang kahulugan nito. Tinatawag na Rabb ang Diyos, sapagka't Siya ang tanging nagmamay-ari ng Kapangyarihang Lumikha at Kautusan. Ang Allah ang nagbigay ng kakayahan sa lahat ng bagay upang gumalaw, lumaki, magbago at umunlad. Siya ang Panginoon na walang kapantay sa Kanyang Kapamahalaan, Kadakilaan, Kataas-taasan at Kapangyarihan. Siya ang Tanging Tagapanustos at Tagapangalaga ng lahat ng nilikha. Ang salitang Panginoon ay karaniwang ginagamit bilang paggalang sa isang guro, pinuno (mga dugong bughaw - sa wikang Ingles ay Royal Family).




Ang Banal na Qur'an ay nagsabi na ang pagkakawatak-watak ng sangkatauhan ay bunga lamang ng kani-kanilang paninibugho o inggit sa bawa't isa. Subali't ang tanging isang relihiyon lamang ang ipinagkaloob ng Tagapaglikha sa buong sangkatauhan, at ito ay ang Islam - ang relihiyon ng pagsuko, pagtalima at pagsunod sa Nag-iisang Diyos-Allah na Tagapalikha.

**{Katotohanan, ang Islam ang tanging Deen[1] (Relihiyon) sa (paningin ng) Allah (Diyos). At yaong pinagkalooban ng mga (Banal na) Kasulatan (Hudyo at Kristiyano) ay hindi nagkaroon ng pagkakaiba-iba maliban na ito ay bunga ng panibugho ng bawa't isa sa kanilang pagitan pagkaraang dumating sa kanila ang kaalaman. At sinuman ang magtakwil sa mga Ayat (mga tanda, aral, babala at kapahayagan) ng Allah. Katotohanan, ang Allah ay Maagap sa [tawag ng] pagtutuos (at paniningil)}. [Qur'an 3:19]**

1 **Deen**: Ang katagang ito ay isang salitang arabik na kadalasan ay sinasalin sa ibang wika sa pananaw ng isang relihiyon. Nguni't ayon sa mga dalubhasang manunulat sa Islam, ito ay binubuo ng isang Pananampalataya at Panuntunan o Pamamaraan ng buhay. Sinabi ng Diyos-Allah na wala Siyang tatanggaping pananampalataya mula sa sinuman maliban sa Islam. Ang Islam ay nagtuturo ng pagsunod sa lahat ng mga Sugo hanggang sa pinakahuling Sugong si Muhammad (ﷺ) na siyang nagtapos ng kanilang misyon, samakatuwid sarado na ang lahat ng landas maliban sa landas ni Propeta Muhammad (ﷺ). Magkagayon, matapos ipadala ng Diyos-Allah si Propeta Muhammad (ﷺ), sinumang pumili at sumunod sa ibang landas hindi ito tatanggapin sa kanya. Matutunghayan sa ibang Talata: 'At sinumang maghangad ng ibang pananampalataya maliban sa Islam, kailanma'y hindi ito tatanggapin sa kanya.' [Qur'an-3:85].

At dahil sa ang mensahe ng lahat ng Propeta ay nakatuon lamang sa pagsamba sa Tanging Nag-iisang Diyos-Allah, ito ay nangangahulugan na mayroong lamang isang tanging relihiyon ang sangkatauhan.

Ang Dakilang Diyos-Allah ay nagsabi:

**{At katotohanan, ang relihiyon ninyong ito ay isang relihiyon, at Ako ang inyong Panginoon, kaya matakot sa Akin. Subali't sila (ang mga tao) ay nagkawatak-watak sa kalagayan ng kanilang (pananampalataya) sa maraming pangkat (sekta), bawa't pangkat ay nangagsaya sa kung anumang (paniniwala) ang mayroon sila}. [Qur'an 23:52-53]**

Kaya, ipinag-uutos ng Dakilang Diyos na ang tao ay nararapat maging makatuwiran at magbalik-loob sa Kanya sa dating relihiyon ng lahat ng Propeta.

**{Kanyang itinakdang batas para sa inyo mula sa relihiyong (Islam), na siya ring itinagubilin Niya kay Nuh (Noah), at yaong Aming ipinahayag sa iyo (O, Muhammad ﷺ) at yaong Aming ipinag-utos kina Ibrahim (Abraham), Musa (Moises) at `Isa (Hesus): Na dapat kayong maging matatag (at manatili) sa relihiyong (Islam) at huwag kayong magkawatak-watak dito}. [Qur'an 42:13]**

Karagdagan pa nito, ipinag-utos din naman Niya:

**{At iyong lisanin yaong nagturing sa kanilang relihiyon bilang laro at aliwan, at ang buhay sa mundong ito ay luminlang sa kanila….}. [Qur'an 6:70]**





Sapagka't, ang pagsunod sa huwad na relihiyon ay tungo sa kapahamakan hindi lamang sa mundong ito kundi sa walang hanggang kapariwaraan sa kabilang buhay.

Ang Dakilang Diyos-Allah ay nagsabi:

**{At sinuman ang magnais ng ibang relihiyon maliban sa Islam, ito kailanman ay hindi tatanggapin mula sa kanya, at sa kabilang buhay siya ay nabibilang sa mga talunan}. [Qur'an 3:85]**

Sinabi pa Niya:

**{Siya ang nagpadala sa Kanyang Sugo [Muhammad (ﷺ)] nang may dalang patnubay at relihiyon ng katotohanan (ang Islam), upang ito ay mangibabaw sa lahat ng relihiyon, at kahit pa ang mga Mushrikun (mga taong sumasamba sa mga huwad na diyos) ay namuhi dito}. [Qur'an 9:33]**

## F. Hesus: Kanyang Pawawalang-bisa Ang Jizya

Ang ikaapat na tungkulin ni Hesukristo sa kanyang pagbabalik sa lupa ay ang pagpapawalang bisa ng **Jizya**. Ang Jizya ay isang uri ng buwis na binabayaran ng mga di-muslim sa isang pamahalaang Islamiko. Ito ay sinisingil ng pamahalaang Islamiko sa kanyang mamamayang di-muslim bilang kabayaran sa pangangalaga ng kanilang

mga karapatan, ari-arian at dangal. Sa Islam, ipinag-uutos ng Dakilang Diyos-Allah sa mga namumuno na nararapat na ipagkaloob at kilalanin ang karapatan ng bawa't tao sa ilalim ng kanyang kapamahalaan, maging ito man ay Muslim o di-muslim.

Bagama't, ang Islam ay tunay na relihiyon ng Diyos, walang sinumang tao ang nararapat na pilitin upang yakapin ito. Ang pananagutan ng tao sa kanyang sariling gawa ay para lamang sa kanya at walang sinuman ang maaaring magpasan nito.

**{Walang sapilitan sa relihiyon. Katotohanan, ang tunay na landas ay maliwanag kaysa sa maling landas. Kaya sinuman ang nagtakwil sa Taghut[1] at naniwala sa Allah (Diyos) ay tunay na tumangan sa matatag na hawakang hindi nababali. At ang Allah ay Ganap na Nakaririnig, Lubos na Maalam}. [Qur'an 2:256]**

## G. Ang Kamatayan ni Hesus

Sinabi ng Dakilang Diyos-Allah:

**{At walang isa man sa Angkan ng Kasulatan (Hudyo**

1 **Taghut**. Ang salitang ito ay sinasakop ang malawak na kahulugan nito. Ang kahulugan nito ay anumang bagay na sinasamba maliban sa Tunay na Diyos (ang Allah), nguni't ang sinumang hindi sumasang-ayon upang siya ay sambahin ay hindi kabilang dito. Ang **Taghut** ay maaaring ang Satanas, o isang rebulto, bato, bituin, propeta, santo o santa, mga anghel, mga tao na sinasamba at itinuring bilang **Taghut**. Kung minsan naman ang salitang **Taghut** ay tumutukoy sa isang huwad na hukom na nagbibigay ng mali o huwad na paglilitis o paghuhusga. Tafsir Ibn Kathir [Qur'an 4:51].





**at Kristiyano) kundi nararapat na maniwala sa kanya [`Isa (Hesus)] bago (sumapit) ang kanyang kamatayan. Bagkus, sa Araw ng Pagkabuhay Muli, siya ay magiging isang saksi laban sa kanila}. [Qur'an 4:159]**

Sa nabanggit ng Banal na Qur'an, ang pagbabalik ni Hesukristo sa lupa ay katuparan ng tunay na kamatayan ni Hesus.

Lahat ng nilikhang may buhay ay sadyang makararanas ng kamatayan.

Ang Banal na Qur'an ay nagpahayag:

**{Bawa't may buhay ay makalalasap ng kamatayan. At tanging sa Araw ng Pagkabuhay Muli ang (pagkakaloob ng) ganap na kabayaran ninyo sa inyong mga pinagsumikapan. At sinumang iniligtas sa Apoy (ng Impiyerno) at tinanggap (pumasok) sa Paraiso, katotohanang siya ay nagtagumpay. At ang buhay sa mundong[1] ito ay isa lamang mapanlinlang na kagalakan}. [Qur'an 3:185]**

Sa panahon lamang na iyon makararanans si Hesus ng tunay na kamatayan at ang paglilibing sa kanya ay sasaksihan ng mga Muslim, sapagka't siya ay ipagdarasal

1 Isinusumpa ko sa Allah (Diyos)! Ang buhay na ito kung ihahambing sa kabilang buhay ay tulad lamang ng isang maliit na bagay na kapag ang isa sa inyo ay ilubog ang daliri sa dagat. Pagmasdan kung ano ang maibabalik nito mula rito." Sahih Muslim, Hadith Bilang: 2858 - At-Tirmidhi, Hadith Bilang: 2324.

ng **Janazah** (dasal sa patay). Ang pangyayaring ito ay magaganap pagkaraan lamang na kanyang maipalaganap ang Islam at maituwid ang lahat ng mga kasinungalingan at maling paniniwalang iniakibat sa kanya, hindi lamang ng mga Hudyo kundi maging ang mga maling paniniwala ng kalakhang kristiyano hinggil sa kanya.

Ayon sa mapananaligang Hadith:

**"….Mananatili si `Isa (Hesus) ng apatnapung taon at pagkatapos ay mamamatay. Mag-aalay ng dasal ang mga Muslim para kay `Isa sa paglilibing sa kanya." [Ahmad, 2:406 - Abu Dawud, 4324]**

Si Hesus, bilang tanda sa nalalapit ng Araw ng Paghuhukom, ay magiging saksi sa Araw din na yaon.

Mula sa Banal na Qur'an:

**{…At sa Araw ng Pagkabuhay Muli, siya [`Isa (Hesus)] ay magiging saksi laban sa kanila…}. [Qur'an 4:159]**

At dahil nga sa paniniwala at pagsamba kay Hesus bilang Diyos ng mga Kristiyano, sa Araw ng Paghuhukom, si Hesus ay haharap sa Diyos-Allah. Si Hesus mismo ang magtutuwid sa maling paniniwalang ito. Sa Araw ng Paghuhukom ang Panginoong Diyos-Allah ay magtatanong kay Hesus.

**{At (tandaan), nang ang Allah ay nagwika: O, `Isa (Hesus), anak ni Maryam (Maria), Ikaw ba ay nagsabi sa mga tao: "Gawin ninyo ako at ang aking Ina bilang mga diyos bukod pa sa Allah. Siya (`Isa) ay nagwika: Luwalhati sa Iyo (O, Allah!) Hindi ko maaaring sabihin ang anumang bagay na wala akong karapatan. Kung sinabi ko man yaon, ito ay Iyong Batid. Batid Mo ang aking kalooban, gayong ang sa Iyong Kalooban ay di ko batid. Katotohanan, Ikaw (lamang) ang nakaaalam ng mga bagay na lingid. Wala akong sinabi sa kanila maliban kung ano ang Iyong ipinag-utos sa akin na: Sambahin ninyo ang Allah, ang aking Panginoon at inyong Panginoon, at ako ay saksi habang ako ay kasama nila at nang ako ay bawiin Mo, Ikaw ang Tagamasid sa kanila at (tanging) Ikaw ang Saksi sa bawa't bagay}. [Qur'an 5:116-117]**

Katotohanan, ito ay isang malinaw na babala sa mga taong sumasamba kay Hesus at maging sa kanyang Inang si Birhen Maria.

# IV. ANG HULING PANANALITA

## Islam: Ang Likas na Relihiyon.

Isinalaysay ni Abu Hurairah: Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi **"Bawa't sanggol ay isinilang sa Al-Fitrah (may likas na pagsamba sa Allah lamang), nguni't ang kanyang magulang ay ginawa siyang isang Hudyo, Kristiyano o Magian, tulad ng isang hayop na nagsisilang ng ganap na sanggol na hayop. Mayroon ka bang nakikita dito (sa hayop) na may kapansanan?** At pagkaraan, binigkas ni Abu Hurairah ang isang Talata: **{Kaya, ibaling mo ang iyong mukha tungo sa relihiyon na (wagas) Hanif[1] (pagsamba sa Allah lamang). Ang Fitrah[2] ng Allah (ang likas na pagiging**

1 Ayon sa isang Hadith, ang Allah ay nagsabi, «Aking nilikha ang Aking mga alipin sa pagiging Hunafa (sumasamba lamang at naniniwala sa Nag-iisang Diyos-Allah), nguni›t sila ay iniligaw ng Satanas mula sa kanilang relihiyon.» Sahih Muslim, Vol. 4 Hadith Bilang: 2197.

2 Isinalaysay ni Abu Hurairah na sinabi ng Sugo ng Allah (ﷺ), "Walang sanggol na isinilang maliban sa kalagayan ng Fitrah (likas na paniniwala sa Nag-iisang Diyos), pagkaraan ang kanyang mga magulang ay ginawa siyang isang Hudyo, o Kristiyano o Zoroastriano, tulad ng isang hayop na nanganganak ng ganap na hayop tulad ng sarili nito. Mayroon ba kayong nakikita sa kanila na ipinanganak na may kapansanan? Pagkaraan ang tagapagsalaysay ng Hadith nito ay binigkas ang Ayah na, "Ang Fitrah ng

**Tanging Isa ng Allah) na kung saan Kanyang nilikha ang sangkatauhan. Walang pagbabago sa (kaparaanan ng) paglikha ng Allah: ito ang matuwid na relihiyon, nguni't karamihan sa mga tao ay hindi nakababatid (nito)}. [Qur'an 30:30]**

**Itinala ni Al-Bukhari, Vol.23, Hadith Bilang: 441**

## Islam: Ang Kaganapan ng lahat ng Relihiyon.

Ang Islam ay isang kabuuan at ganap na pamamaraan ng buhay, samakatuwid, ito ay hindi nangangailangan ng karagdagan o kabawasan o di kaya ng pagbabago. At dahil ito ay walang hanggan, ang Batas ng relihiyong Islam na ipinagkaloob ng Diyos sa Kanyang mga Sugo at Propeta ay angkop at tugma sa lahat ng tao sa anumang nagbabagong kalakaran ng buhay sa alinmang panahon at pook.

At Siya (ang Diyos-Allah) ay nagsabi din:

**{…Sa araw na ito, Aking binigyang kaganapan ang inyong relihiyon para sa inyo, Aking ginawang lubos ang Aking pagpapala sa inyo at pinili Ko para sa inyo ang Islam bilang inyong relihiyon...}. [Qur'an 5:03]**

Ang kagandahan ng Islam ay tumatagos hanggang sa kaibuturang puso ng maraming tao, kaya naman ito ay

Allah na sa pamamagitan nito ay Kanyang nilikha ang sangkatauhan. Walang pagbabago sa (kaparaanan ng) paglikha ng Allah…" Sahih Muslim, Vol. 4 Hadith Bilang: 2047-2048. (Hinango sa Tafsir Ibn Kathir, Vol. 7 Pahina: 545.





tinatanggap nang buong katapatan. Kanilang natagpuan ang mga prinsipiyo ng Islam bilang makatuwiran, malawak at praktikal na aral na nakabubuti sa lahat ng tao.

Si Abu Hurairah ay nagsalaysay na ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

**"Sa pamamagitan Niya na Siyang may tangan ng kaluluwa ni Muhammad, walang sinuman mula sa mga Hudyo at Kristiyano na makarinig tungkol sa aking mensahe at pagkaraan ay namatay na hindi naniwala sa mensaheng ipinadala sa akin ng Dakilang Allah maliban na sila ay mananahan sa Apoy ng Impiyerno." [Itinala ni Muslim]**

Sapagka't si Hesus mismo ay nagbigay ng magandang balita tungkol sa pagdating ng Huling Sugo ng Diyos, si Propeta Muhammad (ﷺ). Ito ay isang patunay lamang na siya ay tunay na Propeta at Sugo ng Diyos.

Ang Banal na Qur'an ay nagpahayag:

**{At (alalahanin), nang si `Isa (Hesus), anak ni Maryam (Maria), ay nagsabi: "O, Angkan ni Israel! Katotohanang ako ay Sugo ng Allah sa inyo, na nagpapatunay sa Tawrah (Torah na dumating) na una sa akin, at nagbibigay ng magandang balita tungkol sa isang Sugo na darating pagkaraan ko, na ang pangalan**

**ay Ahmad[1]. Nguni't nang siya (Ahmad i.e Muhammad) ay dumating sa kanila na may dalang malinaw na mga katibayan, sila ay nagsabi: Ito ay isang malinaw na salamangka}. [Qur'an 61:06]**

Sa binanggit na talata ng Qur'an sa itaas, ating matutunghayan ang pinagkaisang ugnayan ng mga Propeta, na ang kanilang mensahe ay magkakatulad at hindi nagkakasalungatan. Sila ay nagkakaisang ibinabantayog ang pangunahing prinsipiyo ng pagkilala at pagsamba lamang sa Tanging Isang Diyos.

---

1 Isinalaysay ni Jubair bin Mut'im: Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi, "Ako ay mayroong limang pangalan: Ako ay si **Muhammad** at **Ahmad**; ako ay **Al-Mahi** na aking lilinisin sa pamamagitan ng Allah ang Kufr (pagsamba sa mga diyus-diyusan; ako ang **Al-Hashir** ang una na mabubuhay na muli, at pagkaraan ay ang mga tao ang muling bubuhayin; at ako rin ang **Al-Aqib** (wala ng darating pang Propeta pagkaraan ko) Sahih Al-Bukhari, Vol. 4 - Hadith Bilang: (732).

IslamHouse.com

IslamHouseTl Tagalog.IslamHouse islamhouse.com/tl/

user/IslamHouseTl

For more details visit
www.GuideToIslam.com

GUIDE TO ISLAM

contact us :Books@guidetoislam.com

GuidetoIslam.org Guidetoislam1 Guidetoislam www.Guidetoislam.com

المكتب التعاوني للدعوة وتوعية الجاليات بالربوة

هاتف: ٩٦٦١١٤٤٥٤٩٠٠+ فاكس: ٩٦٦١١٤٩٧٠١٢٦+ ص ب: ٢٩٤٦٥ الرياض: ١١٤٥٧

ISLAMIC PROPAGATION OFFICE IN RABWAH

P.O.BOX 29465 RIYADH 11457 TEL: +966 11 4454900 FAX: +966 11 4970126